REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 97-48

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY BISA AT NAGPAPAHINTULOT SA APLIKASYON NG MGA OPERATOR O MAY-ARI NG MGA PAUPAHANG TRAYSIKEL NA NASA HURISDIKSIYON NG MUNTINLUPA NA MABIGYAN NG PRANKISA.**

********************************************************************

Ipinanukala nina : **Kgg. Rafael R. Arciaga**
**Kgg. Vicente Y. Chua**

********************************************************************

**SAPAGKAT,** ang mahigit dalawang libo, isang daan at tatlumpu't limang (2,135) aplikasyon ng mga operator o may-ari ng traysikel sa kabuuan ng Lungsod ng Muntinlupa na mabigyan ng prankisa at nakakuha na ng Mayor's Permit sa Tanggapan ng Pahintulot at Lisensiya, ay nakatupad sa lahat ng mga kinakailangang papeles o dokumento, alinsunod sa isinasaad ng Seksiyon 8 ng Kautusang Panglungsod Bilang 96-66 (Mga Kinakailangan sa Pagpaprankisa);

**SAPAGKAT,** pinagpasiyahan ng Lupon ng **Muntinlupa Tricycle Franchising and Regulatory Board (MTFRB)** ang pag-aapruba ng nasabing aplikasyon, alinsunod sa itinatadhana ng Seksiyon 5.3 ng **Kautusang Panglungsod Bilang 96-66** na nagsasaad ng : **"Ang Lupon ang magpapasiya sa lahat ng mga petisyon/aplikasyon para sa prankisa upang ipasada ang paupahang traysikel sa isang partikular na sona ng barangay sa Lungsod ng Muntinlupa";**

**SAPAGKAT,** alinsunod din sa Seksiyon 5.7 ng Kautusang Panglungsod Bilang 96-66 ang kapasiyahan at rekomendasyon ng Lupon para sa nasabing aplikasyon ay kinakailangang isumite sa Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa upang mabigyan ng kaukulang bisa at kapahintulutan;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod na bigyang bisa at pahintulutan ang aplikasyon ng mga operator o may-ari ng mga paupahang traysikel sa kabuuan ng Lungsod ng Muntinlupa na mabigyan ng prankisa.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa **ngayong 16 Hunyo 1997** sa ginanap na **ika-86 na Regular na Sesyon**.

**SUMANG-AYON :**

| | |
|---|---|
| KGG. MELCHOR R. TEVES<br>Konsehal | KGG. DANTE S. ALMARIO<br>Konsehal |
| KGG. RAFAEL R. ARCIAGA<br>Konsehal | KGG. VICTOR L. ULANDAY<br>Konsehal |
| KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO<br>Konsehal | KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.<br>Konsehal |

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO E. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**LIBAN :**

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng Punong Barangay

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang Panglungsod na ito

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN :**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY :**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

Petsa: ____________________